

1:1 FUTURE-READY PROGRAM

PATAKARAN PARA SA RESPONSIBLENG PAGGAMIT



LAYUNIN: Maaaring mag-isyu ang North Thurston Public Schools (NTPS) sa mga mag-aaral ng tig-iisang (1:1) chromebook bilang paraan ng pagtataguyod ng tagumpay ng mag-aaral at magbigay ng pantay-pantay na pagkakataon sa pag-aaral ng teknolohiya. Binabalangkas ng patakarang ito ang mga inaasahan ng NTPS mula sa mga mag-aaral at mga pamilyang nabigyan ng 1:1 na device. Bilang karagdagan sa patakarang ito, iniaatas sa mga mag-aaral ang paggamit ng teknolohiyang bigay ng distrito na sumunod sa Acceptable Use Procedure na nakabalangkas sa Student Rights and Responsibilities Handbook.

Inaasahan ng NTPS na responsableng gagamitin ng mga mag-aaral ang kagamitang inisyu ng distrito. Tutulongan ka ng patakarang ito na maunawaan ang responsibleng paggamit ng iyong device at mga resource sa network ng distrito. Inaasahan din ng NTPS na magsasagawa ang mga mag-aaral ng taimtim na pagsisikap na panatilihin ng ligtas, secure, at gumagana nang maayos ang kanilang 1:1 na device. *Kasama sa patakarang ito ang mga sumusunod na partikular na responsibilidad at paghihigpit.*

Ang mga Inaasahan sa Mag-aaral:

1. **I-charge ang iyong 1:1 na device sa bahay tuwing gabi at dalhin ito sa paaralan nang full charge.** Kung paulit-ulit na dadalhin ang device sa paaralan nang walang charge, maiwawala ng mag-aaral ang kanyang mga pribilehiyong mag-uwi ng device.
2. **Dalhin ang iyong 1:1 na device sa paaralan araw-araw.** Kung maiwan sa bahay ang device, maaaring manghiram sa paaralan. Kung hindi, inaasahang tatapusin ng mga mag-aaral ang mga gawain gamit ang kamay. Kung paulit-ulit na maiwan ang device sa bahay, maiwawala ng mag-aaral ang kanyang mga pribilehiyong mag-uwi ng device.
3. **Makipag-ugnayan sa Responsableng Paraan!** Dapat isagawa ang lahat ng elektronikong pakikipag-ugnayan nang magalang at sa paraang akademiko, gamit ang wastong pananalita, at pag-iwas sa pagmumura at nakakasakit o nakakagalit na pananalita. Ang lahat ng email na ipinadala at natanggap ng mag-aaral gamit ang mga system ng distrito ay ia-archive at pananatilihin ayon sa mga batas sa pampublikong talaan ng estado ng WA.
4. **Mag-back up ng mahahalagang file.** Pinapanatili ng NTPS ang mga 1:1 na device sa pamamagitan ng mga pana-panahong update. Dapat mag-save ng mga file ang mga mag-aaral sa online na storage (hal. Canvas o Google Drive) para maiwasan ang aksidenteng pagkawala ng mga gawain sa paaralan. *Hindi magagarantiyahan ng NTPS na walang mangyayaring pagkawala ng data at hindi mananagot sa gayong pagkawala.*
5. **Gamitin ang teknolohiya para lang sa mga layuning nauugnay sa pag-aaral.** Ipinagbabawal ang paggamit sa komersyal o pulitikal na layunin.
6. **Sundin ang mga batas sa copyright at alituntunin sa patas na paggamit.** Mag-download/save lang ng musika, mga video, o iba pang content na nauugnay sa mga partikular na takdang-aralin. Huwag gamitin ang device para mag-store ng personal na content.
7. **Kapag hiniling, ibigay ang 1:1 na device para sa pag-inspeksyon ng sinumang administrator o guro.**

Mga Ipinagbabawal na Aktibidad:

1. Huwag sulatan o dungisan ang iyong NTPS chromebook o case ng device. Kasama sa pagdungis ang pagdidikit ng mga sticker o tape.
2. Huwag ipapahiram ang iyong 1:1 na device, charger, o case sa sinuman; huwag iwan ang iyong device sa isang sasakyan o nang walang nagbabantay anumang oras, at huwag kumain o uminom habang ginagamit ang iyong device.
3. Huwag tatangkaing baguhin o i-bypass ang pag-filter sa internet, seguridad, mga network/wifi setting, o anumang iba pang setting, kasama ang pag-install ng mga laro o iba pang hindi awtorisadong software.
4. Huwag tatangkaing i-access ang mga system nang lampas sa pag-access na awtorisado kang gawin. Kabilang dito ang pagbabahagi sa iba ng password ng iyong account para sa anumang system, o paggamit ng account at/o password ng ibang tao.
5. Huwag tatangkaing hanapin, tingnan, ibahagi, o i-store ang mga materyal na hindi tinatanggap sa isang akademikong lugar. **Kabilang dito ang, ngunit hindi limitado sa, mga pornograpiko, malalaswa, naglalarawan ng karahasan, o bastos na mga larawan, tunog, musika, wika, video, o iba pang materyal.**

Pag-hack: Pakitandaang anumang uri ng “pag-hack,” kasama ang sinadyang paglalagay ng nakakapinsalang software (mga virus), pagtatangkang pagkuha ng hindi awtorisadong access sa network o system, o pagtatangkang panggugulo sa normal na trapiko ng network, ay papatawan ng disiplina mula sa distrito at maaaring humantong sa mga pagsasampa ng kasong kriminal.

Kaligtasan ng Mag-aaral:

1. **Hindi dapat magbigay o mag-post ng nagbibigay ng pagkakakilanlan na personal na impormasyon, mga file, o mga komunikasyon sa mga hindi kilalang tao sa pamamagitan ng email o iba pang paraan.**
2. Ang cyber na pambu-bully, kasama ang mga personal na pag-atake o pagbabanta sa sinuman gamit ang mga resource online **ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring humantong sa mga pagsasampa ng kasong kriminal.** *Kung may malaman kang cyber na pambu-bully, paki-report ito sa personnel ng paaralan responsable sa bagay na ito!*
3. Naka-configure ang lahat ng 1:1 computing device ng mag-aaral na mag-filter ng content sa internet at mga komunikasyon sa paaralan, sa bahay, at sa iba pang network.
4. Bagaman layunin ng pag-filter sa internet na higitan ang access sa hindi naaangkop o hindi edukasyonal na content, hindi magagarantiyahan ng NTPS na hindi mangyayari ang sinadya o di-sinadyang pag-access ng mga mag-aaral sa content na maaaring ituring na hindi katanggap-tanggap. Kung na-access mo ang hindi naaangkop na content sa iyong device, paki-report agad ito sa staff ng paaralan.
5. Ang lahat ng ginawa at/o na-access na mga elektronikong pakikipag-ugnayan, aktibidad, at file sa teknolohiya ng distrito ay hindi pribado at maaaring tingnan, subaybayan, at/o i-archive ng distrito anumang oras.

Responsibilidad sa Pagsubaybay ng Magulang/Tagapangalaga: Inaako ng mga magulang/tagapangalaga ang lahat ng responsibilidad sa pagsubaybay sa aktibidad ng kanilang mga mag-aaral sa mga device at account na ibinigay ng distrito sa mga oras na wala sila sa paaralan at sa lahat ng araw na walang pasok. Responsibilidad ng mga mag-aaral ang wastong paggamit ng device at lahat ng account, application, at serbisyo. **Hindi aktibong sinusubaybayan ng distrito ang mga filter ng internet at email sa mga device ng mag-aaral sa mga oras na wala sila sa paaralan.** **Kung may matukoy na hindi naaangkop o nakakabahalang content, gagawan ito ng aksyon sa normal na oras ng paaralan.**

Maaaring makita ang mahahalagang resource para sa mga pamilya na may kinalaman sa paggamit ng teknolohiya at digital citizenship ng bata sa www.nthurston.k12.wa.us/futureready at pag-click sa “Digital Citizenship Resources” sa kanan ng webpage.

Mga Piskal na Responsibilidad: Sa maliit na halaga, sinasaklaw ng NTPS Assurance Program ang lahat ng aksidenteng pinsala para sa mga device ng mag-aaral at nagbabawas sa magagastos kung mawala o manakaw ang device. Sumangguni sa form na “NTPS 1:1 Assurance Program” para sa higit pang detalye.

Responsibilidad ng mga mag-aaral at pamilya ang wasto at ligtas na paggamit at pangangalaga sa teknolohiyang inisyu ng distrito ng NTPS. Nauunawaan mong kung mabigo kang sumunod sa mga tuntunin sa patakarang ito, maaaring limitahan ang access sa 1:1 technology, sa internet, at iba pang digital na content o serbisyo. Maaari ring sumailalim ang mga mag-aaral sa pandisiplinang pagkilos gaya ng nakabalangkas sa Student Rights and Responsibilities Handbook ng NTPS.

Pag-opt Out sa Pag-uwi ng Device: Maaaring mag-opt out ang mga pamilya sa pag-uwi ng kanilang mag-aaral ng kanilang chromebook. Tandaang kailangan pa rin ang chromebook bilang resource sa pagtuturo sa paaralan. Kung mag-o-opt out ang pamilya sa pag-uwi ng device, magkakaroon pa rin ang kanilang mag-aaral ng sarili nilang magagamit na Chromebook sa paaralan, pero itatabi ito sa isang itinalagang lokasyon sa pagtatapos ng bawat araw.

Proseso sa Pag-opt Out: Maaaring mag-opt out ang mga pamilya sa pag-uwi ng ng device sa pamamagitan ng pagbisita sa Future Ready na website ng NTPS sa www.nthurston.k12.wa.us/futureready para i-print ang form sa pag-opt out na ipapasa sa opisina ng paaralan. Maaari ka ring pumunta sa opisina ng paaralan para personal na punan ang form sa pag-opt out.

KUNG HINDI KA MAG-O-OPT OUT GAMIT ANG FORM SA PAG-OPT OUT, IPAGPAPALAGAY NA SUMASANG-AYON KANG IUWI NG IYONG MAG-AARAL ANG KANYANG 1:1 NA DEVICE.

Ang 1:1 Assurance Program ng NTPS

Ang Assurance Program ng NTPS: Sinasaklaw ng NTPS Assurance Program ang lahat ng gastusin para sa aksidenteng pinsala sa mga Chromebook ng mag-aaral at nagbabawas sa mga gastusin sa pagpapalit kung mawala o manakaw ang mga ito. Sasaklawin ng bayarin sa Assurance Program ang kasalukuyang taon ng pasukan para sa isang device. Maaaring bayaran ang bayarin sa pamamagitan ng Online Payment Portal ng NTPS pagkalipas ng Agosto 1 o nang personal kapag nagbukas na ang opisina ng paaralan para sa taon ng pasukan.

Ang Pag-enroll sa Assurance ng NTPS
\$10 Taunang Halaga
Magbayad sa pamamagitan ng Online Payment Portal ng NTPS o magbayad sa pamamagitan ng tsekeng nakapangalan sa North Thurston Public Schools

Saklaw ng Device		
Pangyayari	Nawala/Ninakaw	Aksidenteng Pinsala
Unang Insidente:	\$25 para sa pamalit	Lubusang sinasagot ng assurance ang mga gastusin sa aksidenteng pinsala para sa mga Chromebook.
Ika-2 Insidente:	\$100 para sa pamalit:	
Ika-3 Insidente:	Buong Halaga	
Paliwanag:	Ulat ng pulisya na inihain sa loob ng 24 na oras kung nanakaw ito at ibinigay sa NTPS.	Pagkakahulog ng device, sira dahil sa tubig, likas na sakuna, atbp.

Mga Gastusin para sa Hardware nang walang Assurance Coverage	
Charger:	\$ 20
Camera:	\$ 20
Case:	\$25
Keyboard:	\$ 30
Screen:	\$35
Exterior ng Device:	\$80
Bagong Chromebook:	\$ 200

Fine Print

- Mananatili sa programa ang mga bayarin para sa 1:1 Assurance at gagamiting pondo sa patuloy na mga pagpapaayos, pagpapalit, at upgrade sa mga 1:1 na device ng mag-aaral.
- Awtomatikong ilalagay ang Assurance fee sa lahat ng account ng mga mag-aaral sa sekondarya at hindi maaaring i-refund.
- Sisingilin ng buong halaga para sa pamalit na piyesa ang mga mag-aaral kung sasadyain nilang sirain ang kanilang device.
- Maaaring mawalan ng mga pribilehiyong iuwi ang device at/o magkaroon ng mga multa dahil sa paulit-ulit na pinsala sa isang device depende sa kaso.
- Kung mabawi sa kalaunan ang nawala, ninakaw, o hindi naisauling device sa gumaganang kondisyon, ire-refund ang anumang kaugnay na multa.
- Kung aalis ang mag-aaral sa distrito at hindi niya ibabalik ang kanyang Chromebook, ilalagay sa record ng mag-aaral ang multa para sa buong halaga ng pamalit at malalapat ang mga paghihigpit sa mga record at transcript. Maaaring isangkot ang mga tagapagpatupad ng batas para sa pagbawi ng pagmamay-ari ng District.